ISSN: 2799 - 1091
Page No. 76-

# Reading Materials in Hiligaynon and the Competency Level in Reading Comprehension of Grade 7 Students

**Durbin S. Marcelino**
Sultan Kudarat State University
durbin.marcelino@Deped.gov.ph

**Gracelyn Casis-Altaya, EdD**
Sultan Kudarat State University
gracelynaltaya@sksuedu.ph

**Abstract**

This study aims to examine the effect of using translated material in Hiligaynon in measuring the level of reading comprehension skills of Grade 7 students at Koronadal National Comprehensive High School for the school year 2023-2024. Participants in the research consisted of two sections of students, with 15 students in the experimental group and another 15 in the control group. The researcher employed the True Experimental Pre-test Post-test Group Design, wherein the experimental group used the translated material in Hiligaynon for reading, while the control group used the original Filipino text from Phil.IRI. To assess the impact of the Hiligaynon translated material on students' comprehension levels, pre-tests and post-tests were administered. Based on the results, students' reading comprehension levels were found to be disappointing. It was also proven that there was no significant difference in the comprehension levels of students before and after the instruction in both the experimental and control groups; no significant difference in the comprehension levels of students in the pre-test and post-test between the experimental and control groups; and no significant difference in the mean gain scores of the experimental and control groups. Overall, although students showed high acceptance of the translated material in Hiligaynon, it was still not enough to improve the reading comprehension of struggling readers. The researcher recommends modifying complex words in the Hiligaynon-translated material to enhance students' understanding. It is also suggested to allocate sufficient time and an extended period for reading activities to help students develop their comprehension skills in terms of literal, interpretative, inferential, and evaluative understanding. Further studies may be conducted on other aspects beyond material acceptance to determine factors that can effectively improve reading comprehension.

Keywords: Reading Materials, Hiligaynon, Competency, Reading Comprehension

## Introduction

Ang pagbabasa ay isa sa mga makrong kasanayan sa wika na dapat malinang ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagbabasa, naibabatid ang mensahe ng isang teksto. Ngunit ang pagbabasa ay hindi lamang sumasaklaw sa pagkilala ng mga tunog at mga simbolong nakalimbag, ito rin ay ang pagkuha ng mga ideya at kaisipan na nais ipabatid ng teksto. Sa maraming taon ng pagtuturo, ang pagbabasa ang nakitaan ng suliranin ng mga guro sa kasalukuyan.

Batay sa ulat ng 2019 *Southeast Asia Primary Learning Metrics* (SEA-PLM) at *Programme for International Student Assessment* (PISA) 2018, ang Pilipinas ay may bagsak na marka na mga mag-aaral sa elementarya. Nakakabahala ang ulat na ito, isang paghamon naman sa sektor ng edukasyon na matugunan ang lumalalang problema pagdating sa edukasyon. Ayon naman sa isinagawa ng *Organisation for Economic Cooperation and Development* (OECD), ang Pilipinas ay pinakamahina ang reading comprehension ng mga Pilipino kumpara sa 78 na bansa o lahi ayon sa *literacy assessment*. Batay sa resulta ng pagsusulit , isa sa kada apat na estudyanteng Pinoy ay hindi man lamang makakumpleto ng isang *basic reading task*.

Ayon pa rin sa resulta ng PISA 2018, isa sa apat na mag-aaral ang nahirapan sa iba't ibang aspekto ng pagbabasa, katulad ng pagkuha sa pangunahing ideya ng binabasa, maging ang pagdurugtong sa mga impormasyong kanilang nakukuha mula sa kanilang binabasa. Gayundin, isa sa sampu mag-aaral lamang ang may kakayahang malaman kung alin ang katotohanan at opinyon kapag nagbabasa tungkol sa mga paksang hindi pamilyar sa kanila. Dahil sa lumalalang problema sa larangan ng pagbasa at pag-unawa sa ating bansa ang *Department of Education* o DepEd ay nagbukas ng programang Brigada Pagbasa noong 2019 para masugpo at matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa buong bansa.

Batay sa resulta sa isinagawang *reading assessment* gamit ang Phil.IRI sa Dibisyon ng Lungsod ng Koronadal noong taon 2020-2021, ang bilang ng mga batang hindi marunong magbasa ay umaabot sa 715 o 4.93% noong pre- test mula sa kabuoang 14,584 na mga mag-aaral . Sila ang mga mag-aaral na hindi marunong kumilala ng tunog ng bawat letra. Alinsunod sa *Deped Order Memorandum* 173 s. 2019: Hamon sa Bawat Bata ang Bumabasa (3B,s Initiative) para matugunan ang kakulangan at pangangailangan ng mga mag-aaral sa literasi at numerasi. Una, ay dapat malinang ang kasanayang pagbasa ng mga mag-aaral upang sila ay marunong at malayang makapagbasa nang may pag-unawa. Ikalawa, turuan ang mga guro na maging epektibong guro sa pagbasa. Ikatlo, pagyamanin ang kultura ng pagbasa sa mga paaralan, komunidad, at mga paaralang pansangay.

Nalaman na ang may-edad labing-walo (18) ay mayroong mababang komprehensyon at sunod labimpito (17). Nasiyasat din na ang may-edad labing walo (18) ay ang may pinakamabagal na oras sa pagbasa (Aclan, et al 2019). May kasanayan sa pagbasa ang mga mag-aaral sa pagpili

ng salita, pagdating sa maling bigkas, pagpapalit, pagsisingit, pagkakaltas,paglilipat at pag-uulit ngunit hindi nila na kayang abutin ang kasanayang sa pagbasa na may pag-unawa ( Quintino & Abagon, 2021).

Kaya naman, ninais ng pag-aaral na ito na matugunan ang problema sa komprehensyon o pag-unawa ng mga mag-aaral sa baitang 7 ng paaralang KNCHS. Ang mga saling materyales na Hiligaynon ang nakita ng mananaliksik na maaaring tugon para mapabilis ang pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa. Maipatupad din nito ang adhikain ng Kagawaran ng Edukasyon sa pangarap nitong "Bawat Bata ay Bumabasa (3B's initiative).

**Objective of the study**

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa pagbasa ng maikling kuwento gamit ang saling materyal na Hiligaynon.

Sinagot sa pag-aaral na ito ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kakayahan sa komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral na napabilang sa kontrolado at eksperimental na pangkat batay sa pauna at pangwakas na pagsusulit na napabilang sa:
   1.1 Literal;
   1.2 Interpretatibo;
   1.3 Mapanuri; at
   1.4 Paghinuha ?
2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan sa komprehesyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pauna at pangwakas na pagsusulit mula sa eksperimental at kontroladong pangkat sa mga kategorya:
   2.1 Literal;
   2.2 Interpretasyon;
   2.3 Mapanuri; at
   2.4 Paghinuha ?
3. Mayroon bang makabuluhang kaibahan ang mean gain score sa kakayahang komprehensyon sa pagbasa ng kontrolado at eksperimental na grupo?
4. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa saling materyal na Hiligaynon?
5. May makabuluhan bang ugnayan sa pagtanggap sa saling materyal at kakayahang komprehensyon ng mga mag-aaral sa pagbasa.?

**Theoretical Framework**

Kaugnay ng paksa ng pag-aaral, gagamiting batayan ang Teoryang *Interference* ni Howard Giles, na tumatalakay sa impluwensya ng unang wika sa pangalawang wika. Ayon kay Hicana (2017), ang *interference* ay may epekto ang unang wika sa paggamit ng ikalawang wika. Ang pagiging *heterogenous/Language mixture* ng wika ay nagbubunsod sa pagkakaroon ng mga barayti ng wika. Ang buhay na wika ay nasa pagsasama-sama ng pagbabago at paglago. Ang pag-aaral na

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 76-

ito ay ginagamitan ng teoryang *Interference* dahil sa impluwensya ng unang wika na Hiligaynon sa pangalawang wika na Wikang Filipino.

Magiging batayan din ang *Common Underlying Proficiency Theory* ni Cummins (1980) na nagsasaad na sa pagkatuto ng pangalawang wika ay nagagamit ang mga natutunan sa unang wika. Ang mga kasanayang ito ay kaalaman sa wika, pagkatuto at konseptong natutunan sa unang wika na magagamit sa paghasa ng pangalawang wika at hindi na kailangan matutunan ulit. Ginagamit din ang teoryang ito upang ipaliwanag kung bakit nagiging mas madali ang pag-aaral ng iba pang wika matapos natunan ang unang wika.

## Research Methods

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng True Experimental Pre-test Post test Control Group Design. Isa sa katangian ng disenyong ito ay ang paggamit ng interbensyon sa malayang baryabol na bibigyan ng pauna at panghuling pagsusulit ang eksperimental at kontroladong grupo (Gasang & Calibayan 2019).

Sa pag-aaral na ito, ang eksperimental na grupo ay gumamit ng saling materyal na Hiligaynon sa pagbasa upang malaman ang kabisaan sa pag-unawa ng mga mag-aaral na nasa *frustrated level* samantalang orihinal na babasahin sa Filipino ng Phil.IRI ang ginamit sa grupong kontrolado.

Samakatuwid, layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang kabisaan sa pagbasa at pag-unawa gamit ang saling materyal na Hiligaynon ng Phil.IRI. Ang resulta ng pauna at panapos na pagsusulit sa eksperimental at kontrolado na grupo ay kinolekta at inalisa upang masagot ang suliranin ng pag-aaral.

## Results and Discussion

Antas ng Komprehensyon sa Pagbasa ng Kontroladong Pangkat ng mga Mag-aaral Batay sa Pauna at Pangwakas na Pagsusulit

Ang Talahanayan 5 ay naglalahad ng antas ng komprehensyon sa pagbasa ng kontroladong pangkat ng mga mag-aaral batay sa pauna at pangwakas na pagsusulit.

Talahanayan 5. Antas ng Komprehensyon sa Pagbasa ng Kontroladong Pangkat ng mga Mag-aaral Batay sa Pauna at Pangwakas na Pagsusulit.

| | Paunang Pagsusulit | | | Pangwakas na Pagsusulit | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Antas ng Komprehensyon** | **Mean** | **Standard Deviation** | **Deksripsyon** | **Mean** | **Standard Deviation** | **Deksripsyon** |
| Literal | 46% | 2.4 | Pagkadismaya | 66% | 1.87 | Instructional |
| Interpretasyon | 35% | 2.14 | Pagkadismaya | 48% | 1.15 | Pagkadismaya |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 76-

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Mapanuri | 41% | 2.34 | Pagkadismaya | 55% | 2.50 | Pagkadismaya |
| Paghihinuha | 22% | 1.26 | Pagkadismaya | 33% | 1.58 | Pagkadismaya |
| **Kabuoang Antas** | **36%** | **2.05** | **Pagkadismaya** | **51%** | **1.78** | **Pagkadismaya** |

Inilalahad sa talahanayan 5 na ang kabuoang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa kontroladong pangkat sa panimulang pagsusulit ay pagkadismaya ( M = 36, sd = 2.05 ) gayundin sa pangwakas na pagsusulit ( M = 51, sd = 1.78 ).

Sa paunang pagsusulit sa bahaging literal ( M= 46, sd= 2.44) ay may pagkadismaya habang ang pangwakas naman ( M= 66, sd= 1.87) ay may antas na *instructional.* Samantala, sa paunang pagsusulit sa bahaging interpretasyon, mapanuri at paghihinuha na may ( M= 35, 41, 22 , sd= 2.14, 2.34, 1.26 ) at pangwakas ( M= 48, 55, 33, sd= 1.15, 2.50, 1.58 ). Ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit at pangwakas na pagsusulit sa bahaging interpretasyon, mapanuri at paghinuha ay parehong may pagkadismaya.
Mahihinuha na tanging literal lamang ang may pagtaas mula sa pagkadismaya naging *instructional* ang lebel, subalit walang pagbabago sa lebel ng interpretasyon, mapanuri, at paghihinuha. Bunsod nito, hindi napaangat ng materyal ang mataas na lebel ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Abri et al. (2022) na hindi naging madali ang proseso ng implementasyon ng Phil IRI dahil sa nakatambak na gawain at tungkulin ng mga guro kung kaya't nahihirapan silang gamitin ang materyal ng Phil IRI bilang interbensyon sa pagpapaunlad ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Paulit-ulit lang ang problemang ito at hindi makatutulong ang implementasyon ng Phil.IRI kung hindi mabigyan ng sapat na oras ang mga guro para maisagawa ang mga gawain sa pagbasa gamit ang Phil.IRI.

Ayon sa pag-aaral ni Casingal (2022), kailangang seryosohin ng mga guro ang pagsusulit ng Phil-IRI upang makuha ang tumpak na mga resulta at mabisang matugunan ang mga suliranin sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Dapat ding maayos na isagawa ang remedial classes, na nakatuon sa mga kahirapan sa pagbabasa ng mag-aaral.

**Talahanayan 6.** Antas ng Komprehensyon sa Pagbasa ng Eksperimental na Pangkat ng mga Mag-aaral Batay sa Pauna at Pangwakas na Pagsusulit.

| | **Paunang Pagsusulit** | | | **Pangwakas na Pagsusulit** | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Antas ng Komprehensyon** | **Mean Percentage** | **Standard Deviation** | **Deksripsyon** | **Mean Percentage** | **Standard Deviation** | **Deksripsyon** |
| Literal | 54% | 2.44 | Pagkadismaya | 62% | 3.42 | Instructional |
| Interpretasyon | 33% | 2.14 | Pagkadismaya | 48% | 1.49 | Pagkadismaya |
| Mapanuri | 44% | 2.34 | Pagkadismaya | 53% | 1.88 | Pagkadismaya |
| Paghihinuha | 20% | 1.26 | Pagkadismaya | 45% | 1.20 | Pagkadismaya |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Kabuoang Antas** | **38%** | **1.75** | **Pagkadismaya** | **52.%** | **1.87** | **Pagkadismaya** |

Makikita sa talahanayan 6 na ang kabuoang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat sa panimulang pagsusulit ay pagkadismaya ( M= 38, sd= 1.75 ) . gayundin sa pangwakas na pagsusulit ( M= 52, sd= 1.87 ).

Sa panimulang pagsusulit sa bahaging literal na may ( M=54, sd= 2.44) ay may pagkadismaya. Samantalang ang pangwakas na pagsusulit na may ( M= 62, sd=3.42) ay nasa instructional. Sa interpretasyon, mapanuri at paghihinuha ay parehong may pagkadismaya ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit na may ( MP=33, 44, 20, sd=2.14, 2.34 at 1.26 ) at pangwakas na pagsusulit na may ( MP= 48, 53, 45, sd=1.49, 1.88, 1.20).

Masasabing walang pinagbago sa pagkatuto ng mga mag-aaral maliban sa literal. Sinasabi lamang ng resulta na hindi naapektuhan ang lebel ng komprehensyon gamit ang pagtuturo ng saling materyal sa Hiligaynon. Naging problema ng mga mag-aaral ang mga talasalitaang Hiligaynon kaya ito ang nakitang balakid sa unang wika.

Sinasang-ayunan ang resulta ng pag-aaral na ito ni Tursunovich (2022) na may malaking epekto sa komprehensyon sa pagbasa ng mga mga-aaral ang mga materyal sa kultural na aspekto na nakasalin sa literal na paraan. Ibig sabihin, ang kahusayan ng saling materyal na ginagamit sa pagtuturo ng guro ay nagiging salik o hadlang sa pagpapaunlad ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Dagdag pa sa pag-aaral ni Ali (2018), Ipinahayag nina Glavaš at Štajner (2015) sa kanilang pag-aaral na ang leksikal na pagpapasimple ay may mahalagang papel sa pagtukoy ng pagkaunawa sa materyal na binabasa. Ang simpleng paraan ng pagpapalit ng mga komplikadong salita sa teksto ng mas payak na bokabularyo ay nakatutulong sa mga hindi katutubong mambabasa upang mas maunawaan ang nilalaman ng teksto.

**Talahanayan 7**. Makabuluhang Pagkakaiba sa Komprehensyon sa Pagbasa ng mga Mag-aaral mula sa Kontrolado at Eksperimental na Pangkat batay sa Paunang Pagsusulit**.**

| Antas ng Komprehensyon | Pangkat | Mean | Standard Deviation | t-value | difference | p-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Literal | Eksperimental | 7.60 | 2.44 | 1.106 | 28 | .278 | Hindi makabuluhan |
| | Kontrolado | 6.40 | 3.42 | | | | |
| Interpretasyon | Eksperimental | 3.93 | 1.49 | .396 | 28 | .695 | Hindi makabuluhan |
| | Kontrolado | 4.20 | 2.14 | | | | |
| Mapanuri | Eksperimental | 6.13 | 1.88 | .430 | 28 | .670 | Hindi makabuluhan |
| | Kontrolado | 5.80 | 2.34 | | | | |
| Paghihinuha | Eksperimental | 2.00 | 1.20 | .445 | 28 | .660 | Hindi makabuluhan |
| | Kontrolado | 2.20 | 1.26 | | | | |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Kabuoan** | Eksperimental | 19.67 | 5.39 | .474 | 28 | .639 | Hindi makabuluhan |
| | Kontrolado | 18.60 | 6.84 | | | | |

*α = 0.05 level of significance*

Ipinakikita sa Talahanayan 7 na walang naging makabuluhang pagkakaiba sa kakayahan sa komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa kontrolado at eksperimental na pangkat batay sa naging resulta ng paunang pagsusulit. Sa kabuoan, ang p- value na .639 na mas mataas kaysa 0.05 ng level of significance kaya nagpapahayag na walang makabuluhang pagkakaiba sa mga baryabol.

Batay sa resulta, magkatulad ang grupong kontrolado at eksperimental ng kaalaman at kakayahan sa komprehensyon sa pagbasa. Kaya naman, angkop ang pagpili ng dalawang pangkat bilang respondente dahil may magkatulad na kaalaman sa simula ng pagtuturo.
Ayon kina Sitanggang et al. (2023), ang layunin ng paunang pagsusulit sa pagbasa ay lumikha ng isang praktikal, wasto, at maaasahang pagsusulit sa pag-unawa sa pagbasa, upang matiyak ang tumpak na pagtatasa ng kanilang kakayahan.

Ayon naman kay Shen (2016), Ang pag-unawa sa binabasa ay isang prosesong kognitibo na kinapapalooban ng pag-unawa sa mga nakalimbag na mensahe. Ito ay nangangailangan ng pagkilala sa mga simbolo ng pagsulat, pagproseso ng kaalaman sa wika, at paggamit ng dating kaalaman upang maunawaan ang parehong panlabas at malalim na kahulugan ng teksto, na nagtataguyod ng epektibong pag-unawa.

**Talahanayan 8.** Makabuluhang Pagkakaiba sa Komprehensyon sa Pagbasa ng mga Mag-aaral mula sa Kontrolado at Eksperimental na Pangkat Batay sa Pangwakas na Pagsusulit

| **Antas ng Komprehensyon** | **Pangkat** | **Mean** | **Standard Deviation** | **t-value** | **difference** | **p-value** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Literal | Eksperimental | 8.67 | 1.35 | 1.1009 | 28 | .322 | Hindi makabuluhan |
| | Kontrolado | 9.27 | 2.87 | | | | |
| Interpretasyon | Eksperimental | 5.80 | 1.32 | .000 | 28 | 1.000 | Hindi makabuluhan |
| | Kontrolado | 5.80 | 1.15 | | | | |
| Mapanuri | Eksperimental | 7.47 | 2.29 | .228 | 28 | .821 | Hindi makabuluhan |
| | Kontrolado | 7.67 | 2.50 | | | | |
| Paghihinuha | Eksperimental | 4.53 | 2.50 | 1.657 | 28 | .109 | Hindi makabuluhan |
| | Kontrolado | 3.27 | 1.58 | | | | |
| **Kabuoan** | Eksperimental | 26.53 | 4.07 | .218 | 28 | .830 | Hindi makabuluhan |
| | Kontrolad | 26.20 | 4.36 | | | | |

*α = 0.05 level of significance*

Matutunghayan sa talahanayan 8 na walang naging makabuluhang pagkakaiba sa kakayahan sa komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa kontrolado at eksperimental na pangkat batay sa naging resulta ng pangwakas na pagsusulit. Ang t-value na .218 at p-value na .830 ay nagpapahayag na walang makabuluhang pagkakaiba sa mga baryabol batay sa itinakdang 0.05 na antas ng kabuluhan.

Ipinakita ng datos na hindi napataas ng pagtuturo gamit ang saling materyal sa Hiligaynon ang mga lebel na literal, paghihinuha,interpretasyon at mapanuri. Kaya naman, magkatulad lang ang kabisaan ng dalawang materyal sa pagtuturo. Maaaring gumamit ang guro ng Hiligaynon o Filipino sa pagtuturo. Bunsod nito, tinatanggap ang ipotesis ng pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba sa komprehensiyon ang eksperimental at kontroladong pangkat.

Ayon kina Hari, et al. ( 2024 ), ang pagtuturo gamit ang unang wika (L1) ay maaaring mapahusay ang pag-unawa, makatulong sa mga mag-aaral na may mas mababang antas, makatipid ng oras, muling makuha ang atensyon, at makapagpakilala ng bagong bokabularyo. Gayunpaman, ang paggamit nito ay kailangang maging estratehiko upang maiwasan ang sobrang pag-asa, na maaaring makasagabal sa tunay na kahusayan sa pangalawang wika (L2).

Dagdag pa rito, ayon kay Voicu (2012) ang wikang pinag-aralan at ang katutubong wika ay maaaring maging isang tulong at isang hadlang at kadalasan ay humahantong sa mga tamang hula. Ang paggamit ng katutubong wika ay nangangailangan ng balanse at flexible na pagtingin ng mga mag-aaral sa paggamit nito.

**Talahanayan 9.** Makabuluhang Pagkakaiba Mean Gain Score sa Komprehensyon sa Pagbasa ng mga Mag-aaral mula sa Eksperimental at Kontroladong Pangkat

| Antas ng Komprehensyon | Pangkat | Mean | Standard Deviation | t-value | difference | p-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Literal | Eksperimental | 1.07 | 2.74 | 1.563 | 28 | .129 | Hindi makabuluhan |
| | Kontrolado | 2.87 | 3.52 | | | | |
| Interpretasyon | Eksperimental | 1.87 | 1.88 | .363 | 28 | 719 | Hindi makabuluhan |
| | Kontrolado | 1.60 | 1.15 | | | | |
| Mapanuri | Eksperimental | 1.33 | 2.77 | .584 | 28 | 564 | Hindi makabuluhan |
| | Kontrolado | 1.8 | 2.20 | | | | |
| Paghihinuha | Eksperimental | 2.53 | 3.07 | 1.573 | 28 | .127 | Hindi makabuluhan |
| | Kontrolado | 1.07 | 1.91 | | | | |
| **Kabuoan** | Eksperimental | 6.87 | 6.32 | .326 | 28 | .747 | Hindi makabuluhan |
| | Kontrolado | 7.60 | 5.99 | | | | |

*α = 0.05 level of significance*

Lumilitaw sa Talahanayan 9 na ang antas na komprehensyon sa literal ( p= .129 ), interpretasyon ( p= .719 ), mapanuri ( p= .564 ), paghihinuha ( p=.127 ), at kabuuan na p= .747 ng dalawang pangkat ay mas mataas kaysa sa 0.05 level of significance na may interpretasyon na hindi makabuluhan.

Nangangahulugan lamang na ang pagtuturo sa eksperimental gamit ang saling materyal sa Hiligaynon bilang interbensyon ay katulad lamang ang kabisaan sa paggamit ng orihinal na teksto na nakasulat sa Filipino. Kaya naman, pareho ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa dalawang pangkat. Dahil dito, tinatanggap ang ipotesis na walang pagkakaiba ang mean gain score ng eksperimental at kontroladong pangkat.

Ayon sa pag-aaral ni Amparo, J. (2020), sa pahayag ni Dr. Ricardo Nolasco sa kaniyang aklat na *Primer on* MTB-MLE ang hindi pagiging sapat ng *short exit program* ng MTB-MLE at ang pagkakaroon ng hindi magandang epekto sa maagang paggamit ng pangalawang wika. Dagdag pa sa pag-aaral nina Steiner et al. (2019) ang pinakatiyak na paraan upang mapabuti ang pag-unawa ng mga mag-aaral ay upang madagdagan ang kanilang pagbabasa ng mga tekstong batay sa kaalaman at ang kanilang pagsulat tungol sa naturang teksto.

**Talahanayan 10.** Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Saling Materyal na Hiligaynon

| **Indekeytor** | **Mean** | **SD** | **Deskripsyon** |
|---|---|---|---|
| Kaangkupan | 3.81 | 0.47 | Mataas ang antas ng pagtanggap |
| Kalinawan | 3.95 | 0.49 | Mataas ang antas ng pagtanggap |
| **Kabuoan** | **3.88** | **0.43** | **Mataas ang antas ng pagtanggap** |

**Talahanayan 10.** Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Saling Materyal na Hiligaynon

Makikita na mataas ang antas ng pagtanggap ang naging tugon ng mga mag-aaral pagdating sa kaangkupan ( M = 3.81,sd = 0.47) gayundin sa bahaging kalinawan ( M= 3.95, sd = 0.49 ).

Pinatutunayan ng Talahanayan 10 na mataas ang antas ng pagtanggap ( M= 3.88, sd = 0.43 ) ng mga mag-aaral sa ginamit na saling materyal na Hiligaynon. Ibig sabihin, akma ang saling materyal sa kakayahan ng mga mag-aaral at naging malinaw ang pagsasalin ng mga diwa o kaisipan ng mga pahayag.

Nangangulugan ito na akma sa kagustuhan ng mga mag-aaral ang mga saling materyal, may kasiyahan at kaalamang hatid ang materyal sa mga mag-aaral, may kaayusan at kalinawan ang nabuong saling materyal, at nakatutulong ang ginamit na saling materyal sa mabilis na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Natuklasan sa pag-aaral ni Libo-on (2023), ang pagsasalin ng limang maikling kuwento sa Hiligaynon tungo sa Filipino ay itinuring na lubos na angkop ng mga tagapagsuri, na

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 76-

nagpapahiwatig ng mataas na antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa materyal na salin batay sa kaugnayan at bisa nito.

Ayon kay Bruggink et al., (2022), ang kahusayan sa unang wika ay maaaring positibong maipasa sa pag-unawa ng pangalawang wika, dahil ito ay nag-aaktiba ng naunang kaalaman at tumutulong sa pag-unawa ng mga konsepto, kaya't napapadali ang pag-unawa sa binabasa at pagpapahayag ng mga ideya sa pangalawang wika, na nagpapahusay sa pangkalahatang pagkatuto.

**Talahanayan 11.** Makabuluhang Ugnayan sa Pagtanggap sa Saling Materyal at Kakayahang Komprehensyon ng mga Mag- aaral sa Pagbasa

| Indikeytor | Literal | Interpretasyon | Mapanuri | Paghihinuha | Antas ng Komprehensyon | Kabuoang Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Kaangkupan | .072 | .344 | .340 | .232 | .180 | Hindi makabuluhan |
| Kalinawan | .050 | .105 | .078 | .337 | .110 | Hindi makabuluhan |
| **Kabuoang Pagtanggap** | **.067** | **.244** | **.226** | **.316** | **.034** | **Hindi makabuluhan** |

*α = 0.05 level of significance*

Makikita sa Talahanayan 11 ang makabuluhang ugnayan sa pagtanggap at kakayahang komprehensyon sa pagbasa kung saan ay hindi makabuluhan ang literal ( p= .067 ), interpretasyon ( p= .244 ), mapanuri (p= .226 ), paghihinuha ( p= .316 ), na may kabuoan na p= .034 na mas mataas kaysa 0.05 level of significance.

Batay sa resulta, ang mataas na pagtanggap ng mga mag-aaral sa saling materyal na Hiligaynon ay hindi nakakaapekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa. Kaya, kinakailangan ng guro na tutukan ang komprehensyon at iba pang salik na hindi lang tungkol sa pagtanggap ng materyal. Samakatuwid, tinatanggap ang ipotesis ng pag-aaral na walang makabuluhang ugnayan ang pagtanggap ng saling materyal at komprehensiyon ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Ipinakita sa pag-aaral ni Kurniawan (2020) na ang lokal na materyales, na may kasamang nilalaman ng lokal na kultura, ay mas epektibo kumpara sa pandaigdigang materyales para sa pag-unawa sa pagbasa. Ito ay dahil sa kaalaman ng mga mag-aaral sa kanilang lokal na kultura na nagbibigay pamilyaridad sa mga materyales sa target na wika. Binibigyang-diin din nito ang malakas na impluwensya ng paggamit ng lokal na materyales sa pagpapabuti ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Dagdag pa sa pag-aaral ni Tomas (2022), ang pahayag ni Amparo (2020), nararapat lamang ang patuloy na ebalwasyon sa mga programang may kinalaman sa paggamit ng wika sa sistemang pang-edukasyon upang mapabuti ang implementasyon nito at makita ang mga hamon sa pagpapatupad nito upang makahanap ng mas mabisang paraan ng pagpapatupad nito. Ang mga programang kagaya ng MTB-MLE ay kapapalooban ng polisiyang pangwika na malaking salik sa tagumpay ng mag-aaral at ng sistemang pang-edukasyon sa kabuoan.

## Conclusion and Recommendation

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 76-

Ang antas ng komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral ay may pagkadismaya batay sa resulta ng pauna at pangwakas na pagsusulit. Kakaunti pa lamang ang kaalaman ng mga mag-aaral hinggil sa mga paksang aralin at saka sa bokabularyo ng wikang Hiligaynon bago ginawa ang pagtuturo gamit ang saling materyal sa Hiligaynon.

Napatunayan din na magkatulad lang ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng pagtuturo sa eksperimental at kontroladong pangkat. Pareho rin ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa pauna at pangwakas na pagsusulit mula sa eksperimental at kontroladong pangkat. Gayundin, ang *mean gain score* ng eksperimental na grupo at kontroladong grupo.

Nagustuhan naman ng mga mag-aaral ang saling materyal sa Hiligaynon. Subalit, hindi pa rin sapat ito na napapataas ang komprehensyon ng mga mag-aaral na nahihirapang magbasa. Dahil dito, inirerekomenda ng pag-aaral na Himukin ang mga guro na tutukan ang mga mag-aaral partikular na yaong may problema sa komprehensyon sa pagbasa sa pagtalakay ng mga araling nangangailangan ng pagbasa nang may pag-unawa, Iminumungkahi na bigyan ng sapat na oras at mahabang panahon ang mga gawain sa pagbasa upang mapaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahan sa pag-unawa ng mga binabasa pagdating sa literal, interpretatibo, paghihinuha at pagsusuri, Mangyaring ipabasa ito sa mga mag-aaral bilang suplemental dahil nagustuhan ng mga mag-aaral ang katangian nito, Iminumungkahi din na pag-aralan pa ang ibang aspekto maliban sa pagtanggap ng materyal upang matukoy ang makapagpataas ng komprehensyon sa pagbasa, . Hinihikayat na isali ito sa mga paksang tatalakayin sa SLAC ang pedagohiya kaugnay sa metodo at estratehiya sa pagtuturo ng mga mag-aaral upang mapaunlad ang mga makrong kasanayan tulad ng pagbasa At Maaaring magsagawa ng pag-aaral sa talasalitaan sa wikang Hiligaynon na ginagamit sa Koronadal upang mapadali ang pag-unawa sa pagbasa.

**References**

Abril, J. G., Acerbo, C. T., & Abocejo, F. T. (2022). The Philippine informal reading inventory (Phil-IRI) program: A critical analysis. *Budapest International Research and Critics in Linguistics and Education (BirLE) Journal, 5*(4), 432–441.

Aclan. (2019). Epekto ng mababang komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. *Scribd.* https://www.scribd.com/document/414539986/Epekto-ng-mababang-komprehensyon-sa-pagbasa-ng-mga-mag-docx

Adryani, I., Nababan, W., & Sitanggang, A. (2023). Developing reading test for the first semester students of English education department at University of HKBP Nommensen Pematangsiantar. *Randwick International of Education and Linguistics Science Journal.* https://doi.org/10.47175/rielsj.v4i4.836

Ali, M. A. (2018). Impact of Language Input on Comprehensiveness of Reading Material among Students in Saudi Arabia. *English Language and Literature Studies*, *8*(4), 8. https://doi.org/10.5539/ELLS.V8N4P8

Amparo, J. (2020). Paglalatag ng Karanasan ng mga Guro sa Implementasyon ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) sa Iloilo City. *Malay*, *32*(2).

Andrade, C. (2021). The inconvenient truth about convenience and purposive samples. Indian Journal of Psychological Medicine. https://doi.org/10.1177/0253717620977000

Bacalla, L. A. (2019). Pagtataya ng MTB-MLE: Tugon sa pagpapaunlad ng implementasyon ng K to 12 kurikulum. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 3*(3), 252–261.

Bruggink, M., Swart, N., van der Lee, A., Segers, E. (2022). Reading Comprehension and Multilingual Students. In: Putting PIRLS to Use in Classrooms Across the Globe. IEA Research for Educators, vol 1. Springer, Cham. https://doi.org/10.1007/978-3-030-95266-2_4

Casingal, C. P. (2022). Efficacy of Phil-IRI and remedial classes for Filipinos at the intermediate level. *Journal of Sustainable Business, Economics and Finance*, *1*(2), 47-59.

Department of Education (DepEd). (2021, August 5). DepEd, magbibigay-pugay sa mga wikang katutubo sa Buwan ng Wika 2021. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/2021/08/05/deped-magbibigay-pugay-sa-mga-wikang-katutubo-sa-buwan-ng-wika-2021/

Department of Education (DepEd). (2020). DepEd at LGUs: Tulong sa paghasa sa pagbabasa ng mga estudyante. Retrieved from https://pilipinomirror.com/deped-at-lgus-tulong-sa-paghasa-sa-pagbabasa-ng-mga-estudyante/

Department of Education Region X. (2016). Mother tongue makes lessons more interactive. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/2016/10/24/mother-tongue-based-learning-makes-lessons-more-interactive-and-easier-for-students/

Drapeza, H., & Reyes, A. (2021). Pagsipat sa mga salik na nakaimpluwensiya sa varayti at varyasyong leksikal sa wikang Chabacano ng lungsod Zamboanga. *International Journal of Research, 10*(4), 45–53.

Francisco, M. B. (2021). Ang kahalagahan ng pagbasa sa iba't ibang aspeto. Retrieved from http://www.udyong.gov.ph/index.php?option=com_content&view=article&id=10818:ang-kahalagahan-ng-pagbabasa-sa-ibat-ibang-aspeto&catid=90&Itemid=136

Gasang, R., & Calibayan, M. (2019). Epekto ng instrumental OPM sa komprehensyon ng mga mag-aaral. Retrieved from https://oaji.net/articles/2020/1543-1585280987.pdf

Gay, R. L. (1976). *Educational research: Competencies for analysis and application.* Merrill Publishing Co.

Gloria, A. R. (2021). Paglinang ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Wikang Filipino sa panahon ng pandemya. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/353443547_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya

Goodrich, J. M., & Lonigan, C. J. (2017). Language-independent and language-specific aspects of early literacy: An evaluation of the common underlying proficiency model. *Journal of Educational Psychology, 109*(6), 782–793. https://doi.org/10.1037/edu0000179

Goodwin, B. (2020, February 1). Research matters: Cracking the reading code. *ASCD.* https://www.ascd.org/el/articles/cracking-the-reading-code

Hari, P. T. (2024). Use of first language in English language teaching: EFL teachers' perspectives. *Journal of English Language Teaching,* https://doi.org/10.33394/jo-elt.v11i1.11357

Hernando, L., Bernal, R. C., Rosales, G., & Oleo, S. T. (2020). Filipino as second language: Guide in acquiring Filipino by reading novels. https://doi.org/10.47175/RIELSJ.V1I3.154

Hicana, M. F. G. (2017). Pasalitang diskurso ng Tagalog varayti sa Taguig. *Malay, 29*(2), 1–11.

Hidayati, D. (2018). Students' difficulties in reading comprehension at the first grade of SMAN 1 Darussalam Aceh Besar (Doctoral dissertation, UIN Ar-Raniry Banda Aceh).

Lacuarta, R. C. (2019). Mga mag-aaral na Pinoy, pinakamahina sa 79 bansa sa pag-intindi ng binabasa: PISA. Retrieved from https://news.abs-cbn.com/spotlight/12/04/19/mga-mag-aaral-na-pinoy-pinakamahina-sa-79-bansa-sa-pag-intindi-ng-binabasa-pisa

Largo, R. C. (2020). Salik sa pagtuturo ng LI (Katutubong Wika) at L2 (Wikang Filipino).

Libo-on, J. T. (2023). Maikling kwentong Hiligaynon: Isang pagsasalin at pagsusuring moralistiko at sosyolohikal. https://doi.org/10.58780/rsurj.v5i1.97

Mandado, J. (2022). Performans ng mga mag-aaral sa kasanayang pagbasa ng mga piling akda sa Filipino. Retrieved from http://www.imjst.org/wp-content/uploads/2022/06/IMJSTP29120680.pdf

Marini, A., Eliseeva, N., & Fabbro, F. (2019). Impact of early second-language acquisition on the development of first language and verbal short-term and working memory. *International Journal of Bilingual Education and Bilingualism, 22*(2), 165–176.

Nishanthi, R. (2020). Understanding the importance of mother tongue learning. *International Journal of Trend in Scientific Research and Development, 5*(1), 77–80.

Paker, T., & Karaağaç, Ö. (2015). The use and functions of mother tongue in EFL classes. *Procedia-Social and Behavioral Sciences, 199*, 111–119.

Peña, J. M. I. D. (2023). Pagbuo at balidasyon ng pampagkatuto sa Filipino sa kolehiyo. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 9*(2), 65–80.

Powell, C. W., et al. (2020). The promise of slow reading. Retrieved from WWW.ASCD.ORG.

Quintino, H., et al. (2021). Lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Subic. Retrieved from https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/06/ZZG2156463472.pdf

Redford, K. (2020). For reading comprehension, knowledge is power. Retrieved from WWW.ASCD.ORG.

Shen, Z. (2016). Influence of Cognitive Factors on the Process of Readers' Reading Comprehension. Cross-Cultural Communication, 12(11), 21–26. https://doi.org/10.3968/8971

Tomas, D. S. (2022). Assessment of the Implementation of Mother Tongue Based-Multilingual Education in the Province of Benguet.

Tursunovich, R. I. (2022). Linguistic and cultural aspects of literary translation and translation skills. *British Journal of Global Ecology and Sustainable Development, 10*, 168–173.

Wang, H.-Y., & Xu, J. (2024). L1 as a tool for providing corrective feedback. *Journal of Infrastructure, Policy and Development*. https://doi.org/10.24294/jipd.v8i13.7040

Voicu, C. G. (2012). Overusing mother tongue in English language teaching. *International Journal of Communication Research, 2*(3), 212.